

## Ang Iyong Mga Karapatan at Proteksyon Laban sa Mga Sorpresang Medikal na Bill

Kapag nakatanggap ka ng pang-emergency na pangangalaga o ginamot ka ng provider na wala sa network sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network, protektado ka mula sa pagsingil ng balanse. Sa mga ganitong sitwasyon, hindi ka dapat singilin nang mahigit sa mga copayment, coinsurance at/o naibabawas ng iyong plano.

### **Ano ang “pagsingil ng balanse” (tinatawag minsan na “sorpresang pagsingil”)?**

Kapag nagpatingin ka sa isang doktor o sa iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, maaaring kailanganin mong magbayad ng ilang partikular na [gastos mula sa sariling bulsa](#), tulad ng [copayment](#), [coinsurance](#), o [naibabawas](#). Maaaring magkaroon ka ng mga karagdagang gastusin o kailanganin mong bayaran ang buong bill kung magpatingin ka sa isang provider o bibisita ka sa isang pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan na wala sa network ng iyong planong pangkalusugan.

Ang “wala sa network” ay nangangahulugang hindi pumirma ng kontrata sa iyong planong pangkalusugan ang mga provider at pasilidad upang magbigay ng mga serbisyo. Maaaring payagan ang mga provider na wala sa network na singilin ka para sa pagkakaiba sa pagitan ng binabayaran ng iyong plano at sa kabuuang halagang sinisingil para sa isang serbisyo. Tinatawag itong “**pagsingil ng balanse**.” Malamang na mas malaki ang halagang ito sa mga gastusing nasa network para sa parehong serbisyo at maaaring hindi ito isama sa naibabawas ng iyong plano o sa taunang limitasyon sa gastos mula sa sariling bulsa.

Ang “sorpresang pagsingil” ay isang hindi inaasahang pagsingil ng balanse. Maaari itong mangyari kapag hindi mo kontrolado kung sino ang magiging bahagi ng iyong pangangalaga—tulad ng kapag nagkaroon ka ng emergency o kapag nag-iskedyul ka ng pagbisita sa isang pasilidad na nasa network pero hindi inaasahang ginamot ka ng provider na wala sa network. Maaaring gumastos ng libo-libong dolyar sa mga sorpresang medikal na bill depende sa procedure o serbisyo.

### **Protektado ka mula sa pagsingil ng balanse para sa:**

#### **Mga pang-emergency na serbisyo**

Kung magkakaroon ka ng pang-emergency na medikal na kundisyon at makakatanggap ka ng mga pang-emergency na serbisyo mula sa isang provider o pasilidad na wala sa network, ang pinakamalaking masingil nila sa iyo ay ang halaga ng pagbabahagi sa gastos sa network ng plano (gaya ng mga copayment, coinsurance, at naibabawas). **Hindi ka maaaring** singilin para sa mga pang-emergency na serbisyonang ito. Kabilang dito ang mga serbisyonang maaari mong matanggap kapag nasa stable ka nang kundisyon, maliban na lang kung magbibigay ka ng nakasulat na

pahintulot at isusuko mo ang iyong mga proteksyon para hindi masingil ng balanse para sa mga serbisyong ito pagkatapos maging stable.

### **Ilang partikular na serbisyo sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network**

Kapag kumuha ka ng mga serbisyo mula sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network, maaaring wala sa network ang ilang partikular na provider doon. Sa mga ganitong sitwasyon, ang pinakamalaking masisingil sa iyo ng mga provider na iyon ay ang halaga ng pagbabahagi sa gastos sa network ng iyong plano. Nalalapat ito sa mga serbisyo ng pang-emergency na gamot, anesthesia, pathology, radiology, laboratoryo, neonatology, assistant surgeon, hospitalist, o intensivist. **Hindi ka maaaring** singilin ng balanse ng mga provider na ito at **hindi nila maaaring** hilingin sa iyo na isuko mo ang iyong mga proteksyon para hindi masingil ng balanse.

Kung kumuha ka ng iba pang uri ng serbisyo sa mga pasilidad na ito na nasa network, **hindi ka maaaring** singilin ng balanse ng mga provider na wala sa network, maliban na lang kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot at isusuko mo ang iyong mga proteksyon.

**Hindi mo kailanman kakailanganing isuko ang mga proteksyon mo mula sa pagsingil ng balanse. Hindi rin hinihiling sa iyong kumuha ng pangangalagang wala sa network. Maaari kang pumili ng provider o pasilidad sa network ng iyong plano.**

Mayroong parehong proteksyon ng pederal na batas at batas ng estado laban sa pagsingil ng balanse. Sa Illinois, partikular na ipinagbabawal ng Public Act 96-1523 ang pagsingil ng balanse para sa mga serbisyo ng anesthesiology, emergency, neonatology, pathology, at radiology na ibinibigay sa mga ospital o ambulatory surgical center na nasa network. Kapag nakatanggap ka ng mga serbisyong iyon, ang pinakamalaking masisingil sa iyo ng mga provider ay ang halaga ng pagbabahagi sa gastos sa network ng plano mo. Kung hindi magkaayon ang mga pederal na batas at batas ng estado sa pagsingil ng balanse, ang mga pinakamahigpit na proteksyon laban sa pagsingil ng balanse ang ilalapat.

### **Kapag hindi pinapayagan ang pagsingil ng balanse, mayroon ka rin ng mga proteksyong ito:**

- Ang iyong bahagi sa gastos lang (tulad ng mga copayment, coinsurance, at naibabawas na babayaran mo kung nasa network ang provider o pasilidad) ang responsibilidad mong bayaran. Direktang babayaran ng iyong planong pangkalusugan ang anumang karagdagang gastos sa mga provider at pasilidad na wala sa network.
- Sa pangkalahatan, dapat gawin ng iyong planong pangkalusugan ang sumusunod:
  - Saklawin ang mga pang-emergency na serbisyo nang hindi mo kinakailangang magpaapruba nang maaga para sa mga serbisyo (kilala rin bilang “paunang awtorisasyon”).
  - Saklawin ang mga pang-emergency na serbisyo ng mga provider na wala sa network.

- Ibatay ang kailangan mong bayaran sa provider o pasilidad (pagbabahagi sa gastos) sa babayaran nito sa isang provider o pasilidad na nasa network at ipakita ang halagang iyon sa iyong paliwanag ng mga benepisyo.
- Isama ang anumang halagang babayaran mo para sa mga pang-emergency na serbisyo o sa mga serbisyong wala sa network sa iyong naibabawas sa network at limitasyon sa gastos mula sa sariling bulsa.

**Kung sa palagay mo ay nagkamali sa pagsingil sa iyo,** tumawag sa Centers for Medicare & Medicaid Services ng U.S. sa 1-800-985-3059.

Bisitahin ang <https://www.cms.gov/nosurprises/consumers> para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng pederal na batas.